Palayamanan Plus

Ang Palayamanan Plus ay isang *rice-based production system* na nagtuturo sa mga magsasaka kung paano gumamit ng *diversification*, *intensification*, at *integration* sa pagsasaka. Layunin ng teknolohiyang ito na gawing *agri-enterprises* ang mga maliliit na sakahan upang makapagdulot ng mas malaking kita sa mga magsasaka.

Mga Benepisyo ng Palayamanan Plus

- Nagkapagbibigay ng karagdagang kita
- Napakikinabangan ng husto ang lupa at panahon
- Nakapagbibigay ng ibang oportunidad dahil nagagamit ang *biomass* sa ibang *production systems*
- Nakababawas ng polusyon, *greenhouse gases* (GHG), at *carbon sequestration*
- Natuturuan ang mga magsasaka na maging *agripreneurs*

Mga Bahagi ng Palayamanan Plus

Crop enterprise

Maaaring makakuha ng mga *value-adding products* tulad ng binhi at *specialty rice*. Iproseso ang palay para gawing *milled rice* o *brown rice*. Pagkatapos umani ng palay, magtanim ng munggo, mais, o melon. Maaari ring tamnan ng gulay ang mga pilapil.



Livestock enterprise

Ang dayami ay pwedeng pagkain ng alagang hayop tulad ng kalabaw, baka, at kambing. Ito ay marami ring naiiwang butil ng palay na pwedeng gamitin bilang pagkain ng manok at pato. Ang mga itik at isda ay pwedeng alagaan sa palayan.

Mushroom production

Gamitin ang dayami sa *mushroom production*. Ang *spent mushroom substrates* (sms) ay maaring gamitin sa *vermicomposting*.

Organic fertilizer enterprise

Gamitin ang mga dumi ng hayop, sms, at *crop residue* sa paggawa ng *organic fertilizer* na maaaring ring gamitin sa *crop enterprise*.

Sinuri ni: Rizal Corales, Agronomy, Soils, and Plant Physiology Division

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested.

creative commons